Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised June, 2022

ST100 God's Revelation

1. Mga Paniniwala Tungkol sa Diyos

Ang mga Pilipino ay naniniwala that God exists at Siya ang creator ng universe. Subalit tulad din ng mga ibang lahi, iba't iba ang kanilang pagkakilala sa Diyos. May naniniwala na ang Diyos ay nasa lahat ng bagay - kaya naman ang anito na matapos hubugin ng kanilang kamay ay kanilang sasambahin. Ang iba ay naniniwala na ang Diyos ay nasisiyahan sa kung ano-anong uring handog tulad ng patay na hayop, pagdarasal nang paluhod, o pagpepenitensya. At kung tratuhin ng iba ang Diyos ay para bagang kaya nilang utuin. Ang tawag ng karamihang Pilipino sa Diyos ay si Bathala o ang Maykapal.

Ang paniniwala sa Creator God na ihinayag ng Bibliya ay bunga ng Christian religion na dala ng mga Catolicong Castila noong 1565 at inayunan sa maraming bahagi ng mga Protestanteng Americano simula 1902. Subalit bago pa man dumating ang mga Castila, ang mga inhabitants ng mga pulong Pilipinas, tulad ng mga Moro, ay naniniwala rin sa isang Creator God. Samakatuwid, ang paniniwala sa isang Creator God is a matter of faith na matagal nang taglay ng mga Pilipino.

Para sa karamihan ng ating mga kababayan hindi na kailangang pag-isipan pa ang mga bagay-bagay patungkol sa Diyos dahil nga sa ang religion is a matter of faith. Ang lahat ng kanilang pinaniniwalaan tungkol sa Diyos at sa kanilang relihiyon ay tinatanggap nila nang walang tanong-tanong; sapat na para sa kanila na ito ay sinabi ng kanilang mga magulang at religious leaders.

Para naman sa mahilig mag-isip, mayroong intellectual arguments ang kaagapay ng kanilang pananampalataya. Halimbawa, alam nila ang ontological argument na sumusuporta sa belief in the existence of God ni St. Anselm of Canterbury (1033-1109) - - ang idea na mayroong being na wala nang mas hihigit o mas perfect pa. Para sa kanila, hindi natin kayang isipin na walang greatest o perfect being. Alam din ng mga mapag-isip na Pilipino ang mga arguments ni St. Thomas Aquinas (1225-1274) to demonstrate God's existence: a) mula sa motion papunta sa Unmoved Mover, b) mula sa mga effects papunta sa First Cause, c) mula sa contingent being papunta sa Necessary Being, d) mula sa degrees of perfection papunta sa Most Perfect Being, at e) mula sa design in nature papunta sa Designer of Nature. Sa likuran ng mga argumentong ito ay ang premise na ang lahat ng finite, changing beings ay nangangailangan ng cause outside itself.

Ang mga Deists ay naniniwala na ang Diyos ay parang watchmaker na matapos niyang mabuo ang relo, ito ay Kanyang sinusian at pagkatapos ay iniwan upang tumakbo nang kanyang sarili. Ang sinasabi nila ay ito: Hindi nakikialam ang Diyos sa takbo ng mundo. Ang Diyos ay uninvolved sa buhay ng tao. Para sa kanila, ang human reason ay sapat na upang magkaroon ng paniniwala sa Diyos ang tao. Pinagkakaila nila ang divine revelation. So, God remains impersonal para sa kanila.

Ang mga Kantians (ang mga naniniwala sa pilosopiya ni Immanuel Kant, 1724 to 1804) naman ay naniniwala na ang Diyos ay unknowable - - hindi siya maaaring makilala o maunawaan sapagkat Siya ay sobrang matayog para sa pang-unawa ng tao kaya ang Diyos ay nananatiling impersonal din.

At para naman sa nalalabi nating mga relihiyosong kababayan, ang kanilang paniniwala sa Diyos ay resulta ng kanilang karanasan. Halimbawa, sila ay nakasaksi (sa kanilang palagay) ng isang himala. O kaya naman ay feel na feel nila ang presensya ng Diyos. Saan man nakabase ang kanilang paniniwala, mabibilang sa mga daliri ang tinatawag na atheists o mga tao na nagsasabing walang Diyos.

Kung ano ang nasa likuran ng tabing ay hindi natin malalaman hanggang hindi ito inilaladlad. Kung ano ang nasa loob ng isang nakasaradong kahon ay hindi natin malalaman hanggang hindi ito binubuksan. Totoo na ang Diyos ay maaari nating makilalam ngunit nagpapakilala lamang Siya sa hangganang nanaisin Niya. Siya ang nag-aalis ng tabing at nagbubukas ng kahon. Siya ang nagpapahayag ng Kanyang sarili at hindi nadidiskubre.

Ito ang sinabi ng Lord sa Matthew 11:27: *All things have been handed over to me by my Father, and no one knows the Son except the Father, and no one knows the Father except the Son and anyone to whom the Son chooses to reveal him.* Samakatuwid, si Cristo ang pumipili kung kanino Niya ihahayag ang Diyos ng personal.

2. Sino ang Diyos ang dapat pinaniniwalaan?

Ang tanong ay ito: Saan dapat nakabase ang paniniwala ng tao? At paano makasisiguro na ang basehan ng paniniwala ay totoo?

Kung ano man ang basehan patungkol sa kung sino ang Diyos, dapat na ito may apat na tampok ito:

- Ito dapat ay comprehensive. Tinatalakay nito ang lahat ng aspeto sa buhay; ang a) political life which is relationship mo sa awtoridad, b) social life which is relationship mo sa iyong kapwa, at c) economic life which is stewardship o pangangasiwa mo ng ating time, talents at resources.

- Ito dapat ay consistent. Hindi pabago-bago ng mga katotohanan at mga prinsipyong kanyang tinuturo. Kung ano sa simula ay siya ring nasa kalagitnaan at hanggang sa hulihan.

- Ito dapat ay coherent. Malinaw ang mga sinasabi kapag pinag-aaralan ng mabuti. Nagkakatugma ang iba't ibang bahagi ng katuruan at hindi parang walang relasyon sa isa't isa; hindi nagkaka-banggaan o naglalabanan ang mga ideas o kaisipan ng tinuturo nito. Kaya ang lahat ng bahagi nito ay dapat tugma sa kabuuan.

- Ito dapat ay cogent. Hindi ito parang suntok sa buwan o bara-bara; ito ay kapipaniwala sapagkat ito ay relevant, naaangkop sa totoong buhay para sa lahat ng tao saan mang dako sila naninirahan at sa lahat ng panahon. Ito ay kapanipaniwala dahil sa ito ay reasonable hanggang sa kaya ng isipan ng tao at kapanipaniwala dahil na rin sa taglay nitong comprehensiveness, coherence at consistency.

Ang Bible ay comprehensive, coherent, consistent at cogent. May apat na tampok ang Bible na naghihiwalay sa kanya pagdating sa reliability para sandigan ng katotohanan patungkol sa kung sino ang Diyos, sino ang tao at ano ang mabuti at tamang pamumuhay:

Sinasabi sa 2 Timothy 3:16-17 na ang Bibliya ay kapaki-pakinabang para sa atin sa apat na bagay: a) sa pagtuturo ng katotohanan patungkol sa buhay na makahulugan at makabuluhan, b) pagsaway sa mga masamang gawain c) pagtatama sa mga maling pag-iisip, pag-uugali o pamumuhay ng tao, d) sa pagsasanay sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Upang ang tao ng Diyos ay ganap na makasangkapanan para sa mabubuting gawang inilaan sa kanya ayon sa plano ng Diyos sa kanyang buhay.

- Pagtuturo ng katotohanan. Natural sa tao ang magtanong ng apat na bagay mula sa sandali na siya ay magkaroon ng self-consciousness or self-awareness: a) Sino ako? b) Saan ako nanggaling? c) Bakit ako naririto? d) Saan ako papunta? Identity. Origin. Purpose. Destination. Ang Bibliya lamang ang may comprehensibong sagot sa mga tanong na ito. Taglay ng Bibliya ang pagkakaulat ng pagkalikha ng sansinukob, ang mga pahayag ng Maylikha, ang kasaysayan ng tao at ng mundo.

- Pagsaway sa mga masamang gawain. Taglay ng Bibliya ang kahulugan ng mabuti nang sa ganoon ay makapamuhay ng masagana ang lahat ng tao sa mundo. Nilalaman ng Bibliya ang mga patnubay kung paano lumigaya at magdulot ng kaligayahan sa kapwa-tao.

- Pagtatama ng mga maling pag-iisip, pag-uugali o pamumuhay ng tao. Dahil sa kasalanan, naging natural sa tao ang bigyang halaga lamang ang sarili. Kaya naman ang pagmamahal sa kapwa ay nawalan na nang kabuluhan sa kanya. Taglay ng Bibliya ang mga katotohanang dapat paniwalaan sa pakikipag-ugnay sa isa't isa.

- Pagsasanay sa paggawa ng kalooban ng Diyos. Ihinahayag ng Bibliya ang dahilan kung bakit nilikha ng Diyos ang sansinukob at ang layunin sa buhay ng tao, kasama rito ang mga pamamaraan at gabay sa pagpapatupad ng mga ito. Kinakailangan na turuan, sanayin at kasangkapanan ang tao nang sa ganoon ay magampanan niya ang kalooban ng Diyos.

3. Ang Bibliya: Gabay sa buhay

Dahil sa ang Bible ay kapaki-pakinabang sa buhay ng tao ang mga prinsipyo na taglay nito ay makapagsisilbing gabay upang ating maunawaan ang kahulugan ng buhay at tayo ay makapamuhay ng mabuti at tama.

Ating pag-isipan at himay-himayin ang mga sumusunod:

a) Ang Bibliya ay Salita ng Diyos. At dahil sa ang Bibliya ay salita ng Diyos, ito ay may awtoridad. Ito ay walang taglay na kamalian sa kanyang original na pagkakasulat. Ang tinatawag na *variants* o tila kulang sa kalinawan ay hindi sapat na mabago ang alin mang bahagi ng kabuuan. Ang mga ito ay nangyari sa proseso ng pagsusulat ng copya ng mga *manuscripts*.

b) Sinasabi sa Psalm 119:105 na ang salita ng Diyos ay lampara sa aking paa at ilaw sa aking daraanan. Samakatuwid, ang Bibliya ang mag-aakay sa atin sa kadiliman upang tayo ay hindi madapa o maligaw sa ating dinaraanan. Ito ang mag-aahon sa atin mula sa kamang-mangan tungo sa karunungan. Ito ay malinaw; ito ay mauunawaan.

c) Ang Bibliya ay aklat ng katotohanan tungkol sa kalikasan at kalooban ng Diyos at kalikasan at layunin ng Kanyang nilikha. Ito ay kinakailangan lalong-lalo na sa taglay nitong gabay sa buhay -- sa pagtukoy kung ano ang totoo, mabuti at tama. Ito ang nagbibigay ng kabuuan sa lahat ng iba't ibang bahagi ng buhay at sangnilikha.

d) Ang sabi ni John sa kanyang gospel ay *marami pang ginawang mga milagro ang Panginoong Jesus na nasaksihan ng Kanyang mga alagad maliban sa taglay ng kanyang sinulat na aklat. Subalit ang dahilan ng pagbuo nito ay upang tayo ay maniwala na si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng pananalig tayo ay magkaroon ng buhay sa Kanyang pangalan* (John 20:30-31).

e) Ang Bibliya ay sapat para sa isang matagumpay at masaganang pamumuhay na nagbibigay kaluwalhatian sa Diyos.

4. Ang Mga Paraan ng Pagpapahayag ng Diyos

May dalawang uri ang kapahayagan ng Diyos: a) sa pamamagitan ng Kanyang *gawa*, at b) sa pamamagitan ng Kanyang *salita*; work at word revelation. Ang work revelation ay may dalawang clase rin – ang work of creation (ang paglikha ng sansinukob) at ang work of redemption (ang pagtubos sa bayan ng Diyos).

Ginamit din ng Diyos ang Kanyang Salita sa pagpapahayag ng Kanyang sarili; sa pamamagitan ng a) mga propeta, b) Kanyang Anak na si Jesus, at c) Bibliya (Hebrew 1:1-2 and 2 Timothy 3:16-17).

Ang work of creation revelation at ang word revelation ng Bibliya ay para sa lahat ng tao. Subalit, hindi tinatanggap ng madla ang katotohanang taglay ng mga ito. Bagkos ang mga pahayag na ito ay kanilang pinagkakaila at sinasabing kahangalan.

Ang work of redemption revelation at ang word revelation ng mga propeta at ni Jesu Cristo ay pahayag na particular sa mga hinirang ng Diyos lamang – sa Israel at later, sa Church.

Multiple Choice

1. Ang mga Pilipino ay naniniwala that God exists at
   a. Siya ang creator ng universe
   b. Siya ay nasa lahat ng bagay
   c. Siya ay nasisiyahan sa iba't ibang uri ng handog

2. Ang paniniwala ng mga Pilipino sa isang creator God is a matter of
   a. Good works
   b. Doing good works
   c. Faith

3. Ang ontological argument na sumusuporta sa belief in the existence of God ni St. Anselm ay
   a. Ang idea na mayroong being na hindi perfect
   b. Ang idea na mayroong being na wala nang mas hihigit o mas perfect pa
   c. Ang idea na may being na hihigit pa sa Diyos

4. Ang isa sa mga arguments ni St. Thomas Aquinas upang mapatotohanan ang existence ng Diyos ay:
   a. Mula sa First Cause papunta sa effects
   b. Mula sa Unmoved Mover papunta sa motion
   c. Mula sa design in nature papunta sa Designer of Nature

5. Sila ay naniniwala na ang Diyos ay parang watchmaker at hindi siya involved sa buhay ng tao.
   a. Atheists
   b. Deists
   c. Kantians

6. Ang mga Kantians ay naniniwala na ang Diyos ay
   a. Knowable
   b. Unknowable
   c. Personal

7. Ang salita ng Diyos ay:
   a. Comprehensive sapagkat hindi ito pabago-bago
   b. Consistent sapagkat ito ay kapani-paniwala
   c. Coherent sapagkat nagkakatugma ang iba't ibang bahagi ng katuruan nito

8. Ang salita ng Diyos ay
   a. Consistent sapagkat malinaw ang sinasabi nito kapag pinag-aralan ng mabuti
   b. Cogent sapagkat ito ay relevant, naaangkop sa buhay para sa lahat ng tao
   c. Comprehensive sapagkat ito ay kapanipaniwala.

9. Ang Bibliya lamang ang may kasagutan sa mga tanong ng tao patungkol sa kanyang
   a. Origin, identity, being at purpose
   b. Identity, origin, purpose at destination
   c. origin, destination, happiness at identity

10. Ayon sa 2 Timothy 3:16-17, ang Bibliya ay kapaki-pakinabang sa
    a. Pagdedebate, pagsasaway, pagtatama at pagtuturo
    b. Pagsasaway, pagsasanay, pagpapasaya at pagpapayapa
    c. Pagtuturo, pagsasaway, pagtatama at pagsasanay

11. Ang Bibliya ay may awtoridad sapagkat
    a. Maraming kuwento ng buhay ang mababasa dito
    b. Maraming aral ang mapupulot dito
    c. Ito ay salita ng Diyos.

12. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang Bibliya ay lampara sa ating paa at ilaw sa ating daraanan kaya iaahon tayo nito sa kahirapan.
    b. Ang Bibliya ay lampara sa ating paa at ilaw sa ating daraanan, kaya ito ay malinaw at mauunawaan.
    c. Ang Bibliya ay lampara sa ating paa at ilaw sa ating daraanan, kaya iaahon tayo nito sa kamangmangan.

13. Ang dalawang uri ng pagpapahayag ng Diyos ay sa pamamagitan ng
    a. Work and word revelation
    b. Redemption and Creation
    c. Work and creation

14. Dalawang clase ang work revelation
    a. Work of redemption and work of miracles
    b. Work of creation and work of redemption
    c. Work of creation and work of healing

15. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang work of redemption at word revelation ng mga propeta at ni Cristo ay pangkalahatan.
    b. Ang work of creation at word revelation ay hindi tanggap ng madla at sinasabing ito ay kahangalan.
    c. Ang work of creation at word revelation ay para sa lahat ng tao.

© Revised June 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.